PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrkb.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: 0920-911-1398 or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com | www.openacademy.ph

8 Hakbang sa pagpaparami ng sariling binhi

Ang pagpaparami ng magandang kalidad na binhi ay maaaring gawin kung walang certified seeds sa inyong lugar. Ito ay tinatawag na *good seeds* o ani mula sa sertipikadong binhi.

Gayunman, ang pagpaparami ng sariling binhi ay kinakailangang maingat na isagawa at mapangalagaan mula sa lahok upang magamit pa ito sa susunod na taniman. Ipinapayo ng mga ekspertong gawin ang mga sumusunod sa pagpaparami ng sariling binhi:

1. Piliin ang lugar na may matabang lupa at malapit sa pagkukunan ng tubig.
2. Gumamit ng malinis at dekalidad na binhi.
3. Araruhin, suyurin, at patagin ang tinatanimang bukid upang makontrol ang mga damo at mapaghusay ang pamamahala sa tubig.
4. Pagkatapos ng 21-25 na araw, maglipat-tanim ng 1-3 na punla kada tundos sa agwat na 20 sentimetro x 20 sentimetro. Tanggalin ang mga tumubong palay na wala sa linya para makasigurado na walang halo.
5. Mag-aplay ng pataba ayon sa pangangailangan ng halaman. Ang unang pag-aaplay ay sa ika 10-14 araw pagkatapos maglipat-tanim o 21 araw pagkatapos magsabog-tanim. Gumamit ng Leaf Color Chart upang malaman ang pangangailangan ng halaman sa nitroheno. Ang pag-aaplay ng may potasyong pataba ay kailangan 5 araw bago maglihi ang palay.
6. Sa panahon ng pinakamaraming bilang ng suwi at pamumulaklak, tanggalin ang mga lahok o hindi-kauri o mga halo tulad ng damo. Tanggalin ang mga maysakit na halaman sa lahat ng yugto ng paglaki ng palay.
7. Anihin ang palay kung ang butil sa uhay ng palay ay nasa 80% na ang pagkahinog.
8. Giikin, patuyuin, at linisin ang mga aning binhi at iwasang mahaluan. Isilid sa malinis na sako at kailangang malinis, tuyo at ligtas sa ibon, daga at ibang peste ang lugar na pag-iimbakan.

Pinaghalawan: Q&A ukol sa Barayti at Binhi, Philippine Rice Research Institute 2010

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice